

# Chapter One



*N*arita International Airport, Japan  
Twenty-five years ago...

Wala raw nakakaalam kung kailan magugunaw ang mundo, pero mararamdaman kapag malapit na iyon. Sa nakalipas na limang taon ay samu't saring sakuna ang nasaksihan, naranasan, o nabalitaan ni Bernadette—mga lindol, malalakas na bagyo, pagsabog ng mga bulkang ilang daan taon nang tulog, paglubog ng mga barko at maging ang biglaang pagkamatay ng mga inaakala niyang makakasama pa niya nang matagal.

Now, those deaths felt more like the end for her. She was a widow in a foreign country at the age of twenty-eight, left with a young daughter. Just three months ago, her best friend and her fiancé died in a car crash. Ang mga iyon ang itinuturing niyang pamilya

dito sa Japan na ngayon ay kinuha na rin sa kanya. Kapag nawala pati ang nag-iisang anak niya, para kay Bernadette ay iyon na ang katapusan.

Being left alone is the end for her, definitely not like a ‘thief in the night’ as the Bible says, nor fire and brimstone.

Apparently, the end is indeed near, and it will happen in her lifetime. Ayon sa balita sa TV sa business lounge kung saan hinihintay nilang mag-ina at iba pang pasahero ang boarding call, may eksaktong petsa ang literal na pagkagunaw ng mundo.

*Latest space technology has enabled NASA to compute and detect any incoming and possible collision between planets, moons, and asteroids. After years of careful study and close observation by our satellites monitoring the asteroid belt, it was confirmed that the one initially suspected as the travelling star Gliese—the one that hit the planet 1.35 million years ago that resulted to the extinction of dinosaurs—is actually an asteroid. It is about five hundred miles in diameter and is headed towards a direct collision with the Earth.*

*Moving at an alarming speed, the asteroid is expected to enter the earth’s atmosphere twenty-five years from now. Estimated date is September 25, 2017...*

“Mama, what’s ash-tuh-woid?”

Napatingin si Bernadette sa limang taong gulang na anak na may hawak na cookie at ice cream cup. Pinunasan niya ng panyo ang bibig nito. “Nicola, an asteroid is... is a giant rock. Uhm, it’s...”

“Asteroids are small, airless rocky worlds revolving around the sun. They are also known as planetoids

or minor planets. Asteroids are leftovers from the formation of our solar system from billions of years ago. Asteroids are dangerous. Many have hit Earth in the past, and more will crash into our planet in the future. Like that *biig* one they're talking about in the news. They're ugly and made of stone and metal, and one will destroy the Earth before I even get to the same age as Jesus—”

“Zachary Thorne Hatherley! What did I tell you about butting in on conversations?”

“But Mommy, I'm just helping the lady tell her kid about asteroids!”

“You're scaring the little girl!”

“Not me! The news did it first!”

Nagulat pero napangiti si Bernadette sa mahinang argumento ng mag-ina sa katabing couch. Halatang maykaya ang mga ito at afford ang business class, samantalang narito lang sila dahil binigyan ng free upgrade sa check-in kanina nang makitang kaunti lang ang багаhe nila.

“Mag-sorry ka, Zachary Thorne. Isa...” Apologetic na tumingin sa kanya ang babae. Maganda ito, nasa early to mid-thirties marahil ang edad, elegante kahit nagpapakananay sa anak.

“Hindi na kailangan. Ang galing nga ng explanation niya, eh. Ang talino ng anak mo,” nakangiting sabi niya bago niyuko ang sariling anak, na nakatitig sa batang lalaki. “You're not scared, are you, baby?”

Umiling si Nicola, ilang segundong nakatitig sa batang katabi nila bago bumaling sa kanya. “Mama, his

eyes... *Gween! Gold?*”

“Yes, baby. Green and gold.” Tumingin uli siya sa mag-ina na amused nang nakamasid sa kanila. “Don’t worry, hindi madaling matakot ang anak ko. Matanong at curious din ito. Mukhang mas napansin pa niya na guwapo ang anak mo.”

Natawa ang babae. “You two are adorable! I’m Kristine, and this is my Zachary. He’s almost eight, at na-witness mo na siguro kung gaano kakulit.”

“I’m not makulit,” protesta ng bata pero iniabot ang kamay sa kanya.

Tinanggap niya iyon. “Nice to meet you, Zachary! Call me Tita Bernadette.” Hinawakan niya sa balikat ang anak. “This is my Nicola. She just turned five a couple of weeks ago.”

“Hello,” bati ng katabi sa bagong kakilala.

“Hi, Nicola.” Inilapit ni Zachary ang mukha. Ngumiti ito, mukhang naaliw sa anak niyang hindi itinatago ang fascination sa kakaibang kulay ng mga mata ng kaharap.

*This is the pre-boarding announcement for Flight 898 to JFK, New York. We are now inviting those passengers with small children, and those requiring special assistance, to begin boarding at this time...*

“Oh, that’s our flight!” Tumayo agad si Kristine na inayos muna ang dalang carryall bag pagkatapos ay hinawakan ang kamay ng kasama. “Say bye bye na, Zachary.” Kumaway at tumango ang babae sa kanila at inaasahan niyang ganoon din ang gagawin ng batang lalaki. Pero sa halip, nakipagkamay uli ito sa kanya bago bumaling sa kapwa bata.

“Bye bye, Nicola. I hope to see you again before the giant asteroid hit the earth—”

“Zachary! I swear to God...” Nasapo ng ina nito ang noo.

Hindi natinag ang paslit. “Anyway, you’re cute. I like how you look at me.” The boy leaned in and kissed her daughter on the cheek. “Bye bye!” he said with a wave.

Nagkatinginan sila ng ina nito, na parang naluluha pero ngumiti sa kanila bago tuluyang naigiya ng ground crew palabas ng lounge.

“Mama, bakit n’ya ’ko ni-kiss?” mahinang tanong ni Nicola.

Tinapik niya ito sa balikat. “Kasi sabi niya, gusto niya raw na tinitingnan mo siya.”

Sandaling natahimik ito, bago, “Eh, bakit siya umalis?”

Hindi niya alam kung ano ang isasagot. Ilang beses na ba niya iyong naitanong? *Bakit mo kami iniwan? Bakit hindi kayo nagpaalam? Bakit kailangang may matapos?*

Walang sumagot. Wala na ring bumalik.



# Chapter Two



*S*omewhere in the West Caribbean  
*Twenty-five months ago...*  
Five minutes nang hindi siya mapakali sa suite niya sa mid-size luxury cruise liner na iyon. Natuyo na yata ang buhok ni Zac kalalakad dahil pagkatapos maligo ay ang inaasam na katahimikan ng natitirang limang araw ng bakasyon ang iniisip niya.

Everything about this cruise lived up to its promise, but he didn't anticipate rowdy groups of single women who obviously had plans to compete with each other in trying to hook up with the hapless men on board. Tatlong gabi nang hindi natahimik ang pagre-relax sana niya sa mga bars at clubs ng barko, at dalawang umaga nang may bigla na lang kumakatok sa kanyang suite. Pathetic, entitled rich brats used to getting what they want and who must have considered his constant

refusals as challenge. Parang lalo pang ginanahan sa paghahabol ang mga ito kahit pa nasa paligid lagi ang butler niya.

May assigned butler ang bawat guest sa cruise na iyon, at depende sa dami, puwedeng 1:1 ang guest to butler ratio. Pero dahil summer sa Amerika at maraming nagbabakasyon ay mabait na middle-aged Italian couple ang ka-share niya sa butler niyang si Gio, isa ding Filipino.

Noong una, inakala ni Gio na hindi siya kababayan nito dahil sa hitsura niya't pangalan. Napangiti siya nang maalala ang reaksyon nito nang tanungin niya kung taga-saan ito sa Pilipinas. Being gay, his butler had such a comical, exaggerated reaction. Doon na rin nabuo ang bond nila. Naging kasabwat niya ito para makalayo, makaiwas at magtago sa makukulit na babaeng ayaw siyang tantanan. Si Gio rin ang dahilan kung bakit hindi siya mapakali ngayon.

Alam kasi niyang hindi ito darating, at least not in the next two to three hours. May ipapadala ito sa kuwarto niya na siyang inaasahan nilang tatapos sa panggugulo sa kanyang bakasyon.

The whole thing was his idea, actually. Si Gio lang ang mapu-provide ng 'manpower.'

Or in this case, *womanpower*.

*"Nola ang name niya, papi," excited na sabi ng butler, na sa umpisa pa lang ay binawalan na niyang tawagin siya ng 'sir'.*

*"Nola? As in acronym ng New Orleans, Louisiana?" Nasa teak balcony sila ng junior suite niya, sa deck 9 ng barko. Pasado alas cuatro ng hapon at dumating ito*

*para sa requisite tea service. Inanyayahan niya si Gio na saluhan siya at para hingan na rin ng pabor. And he immediately had someone in mind.*

*Napangisi ang kausap. “Puwede! Pero short for Nicola Freya iyon. Anyway, kapitbahay ko siya sa Pasig. Matagal ko nang kilala at dahil bongga ang ibibigay mong talent fee, sure ako na papayag ’yun! Grabe ang sipag ng babaeng iyon; bartender sa gabi, sales clerk ng boutique pag araw. Pero don’t worry, hindi ka abala dahil pauwi na siya para magbakasyon nang ilang araw. Pagdaong natin sa Turks and Caicos, bababa din ’yun para lumipat ng barko at babu muna for forty-five days.”*

*Nangunot ang noo ni Zac. “Dalawa ang trabaho niya dito?” He already heard cruise ship workers do eighty hours per week per job. Paano pa kung dalawa?*

*Tumango si Gio. “May matinding pangangailangan, paps. Don’t tell her I told you. May cancer ang mama niya at magastos ang treatment. Solong anak siya at ulila sa ama,” buntong-hininga nito. “Pag okay ang acting niya, huwag ka nang mahiyang bigyan ng bonus, ha.”*

*Kahit hindi pa niya nakikilala ang babae ay plano na niyang dagdagan ang bayad dito. May soft spot siya sa mga ina, at sa mga anak na handang gawin ang lahat para sa magulang.*

*Isa pa, parang pamilyar sa kanya ang pangalang Nicola...*

*Napaigtad si Zac nang marinig ang tunog ng buzzer, ang mahinang chime na signal na crew ng barko ang nasa labas. May special alarm kasi ang ID ng mga ito kapag itinapat sa isang maliit na panel sa*



kanyang pinto.

Huminga siya nang malalim, at tumayo sa dulo ng hallway mula sa pinto para antabayan ang pagpasok ng bago niyang ‘butler.’

Maingat na pumasok ang isang babaeng maikli ang buhok, halos kapareho na ng gupit ni Gio. Nasa 5’4” o 5’5” siguro ang taas, maganda ang posture at maliksing kumilos. Tulak nito ang isang cart kung saan naroon ang ilang pot at bote ng inumin, at mga lalagyan ng pagkain. Naka-face mask pa ito at derecho ang tingin sa kanya.

“Good morning,” kaswal na bati nito nang makalapit. Inalis nito ang mask. “I had to wear this so no one would suspect that I’m not Gio.” Bahagyang ngumiti ito.

At hindi na niya naialis ang tingin sa babaeng itinuloy na ang paglilipat at pag-aayos ng mga dala nito sa maliit na dining table.

Something was telling him that he had seen those curious wide set eyes before... the cute button nose and cupid’s bow lips. Pati ang dimple nito sa kaliwang pisngi. Napansin din ni Zac ang tila pagkagulat nito nang magtama ang mga mata nila kanina.

“You’re Nola, right?” Lumapit siya rito.

Dumerecho ng tayo ang babae at itinabi muna ang cart. “Yes, sorry. Nakalimutan ko.” Iniabot nito ang kamay. Nakangiti, pero hindi umabot sa mga mata. “Hi, um... Zachary? Zac?”

Napangiti siya. No one really called him by his first name since he finished school. It felt familiar and he liked it. Tinanggap niya ang kamay nito. Medyo

magalas iyon at malamig.

Napatitig siya sa magandang mukha ng kaharap. Maliban sa hindi maitagong lungkot sa mga mata ay walang mag-aakalang kinakabahan si Nola. She looked so polished and professional, with her crisp navy blue and cream uniform, brushed up hair and some makeup.

“You’re nervous,” marahang pinisil niya ang kamay nito bago binitawan. “Nangako ako kay Gio. I won’t take advantage. Ako yata ang dapat kabahan. Nasa judo team ka daw n’ung college.”

Huminga ito nang malalim. “Seven years na ’kong walang practice. I’m just worried I’d mess it up. Wala akong acting experience.”

Napatango ang binata. “I think you’ll be fine. Kung di ko pa hinawakan ang kamay mo, di ko malalamang kabado ka pala.”

Mahinang natawa si Nola bago napailing. “Well, um, past eight na. Let’s start?”

Napakurap si Zac. Bakit parang hindi siya nagsasawang tingnan ito? Kinuha niya ang nakahanger na light blue button-down shirt at ibinigay iyon sa babae.

“Wear this,” nararamdaman niya ang pag-iinit ng leeg at mukha. “Y-you don’t have to take everything off... um, just maybe look like you’ve been in my bed since last night?” Hindi niya alam kung bakit siya kinakabahan. Ilang segundong pinagmasdan siya ni Nola bago tumingin sa direksyon ng kanyang mini-fridge.

“May wine ka ba? Pahingi nang konti.”

Nakagat niya ang labi para mapigil ang ngiti, bago binuksan ang refrigerator. Kinuha niya ang bote ng wine na kaunti pa lang ang bawas at ibinigay sa babae na hawak na ang isang tea cup. Mabilis nitong sinalinan iyon pagkatapos ay inisang lagok ang alak.

“Thanks,” sabi nito pagkabalik ng bote at cup sa mesa bago muling kinuha ang kanyang damit.

Pumasok na ito sa banyo. Namamanghang napasunod siya at napasandal sa dingding sa tapat ng pinto niyon saka huminga nang malalim. Pinlano na nila ito ni Gio kahapon pero kumakabog pa rin ang dibdib niya.

Or was it because of Nola? He had never really felt this sort of attraction in years. Medyo jaded na siya sa pakikipagrelasyon at hindi siya nagpapadala sa kahit kaunting nararamdaman. He had slept with random women he met if he thought his body needed to, but he made sure no one would get too attached.

He was not going to sleep with Nola. Sigurado siya roon. But why did his heart skip at just the thought of it?

Napaderecho si Zac ng tayo nang bumukas ang pinto ng bathroom. Sandaling nagkagulatan pa sila ni Nola bago sabay napahinga nang malalim.

*Damn*, he thought as his eyes roamed over the woman. His shirt was like a mini-dress on her, with haphazardly rolled up sleeves and mismatched buttons so that one side of the collar fell over one bare shoulder, revealing the thin strap of her pink bra.

Parang sinadya ni Nola na lukutin ang damit. Inalis din nito ang makeup maliban sa pinkish red lipstick.

Binasa rin ng babae ang buhok na ginulo at medyo tumatabing sa kanang mata nito. “Okay na? O dapat medyo pawisan din? Namumula na parang nainitan? Hindi kasi ako madaling mag-blush.” Napangiti ito.

Si Zac ang nagba-blush base sa pag-iinit ng pisngi niya. “O-okay na. Perfect, actually.” Sinundan niya ng tingin ang babae na pumunta sa main door para i-unlock iyon. Pagbalik sa harap niya ay isinara nito ang pinto ng banyo at doon sumandal saka tiningnan siya. “Dito lang tayo para madaling makita ng susugod.” Marahang hinila ni Nola ang t-shirt niya para lumapit pa siya. Hanggang sa halos magdikit na ang kanilang mga katawan.

*Shit, she smells good!* He closed his eyes for a second to sniff her hair. He gasped when he heard footsteps and giggling from outside the door. Napayuko siya kay Nola na bahagyang nakakunot ang noo habang nakatingin sa kanya. Sinapo ng mga kamay nito ang mukha niya para mas maabot ng labi nito ang sa kanya.

*Holy...! Is she going to kiss me?*

She was, and she did. Kasabay iyon halos ng mga pagkatok sa pinto. Bumaba ang mga kamay ni Zac sa likod at baywang ng babae, pumaikot ang isang binti nito sa hita niya.

*Oh, God...*

Their lips were just pressed against each other, barely moving. Hindi alam ni Zac kung ano ang gagawin, hanggang sa maramdaman niya ang pagsuklay ng mga daliri sa kanyang buhok, medyo mariin at marahas.

That was his cue. His mouth slid against hers, tasted and nipped before his tongue traced her lower lip.

*Damn, this is good...*

He was about to slip his tongue between her lips when the door opened. Three women came in calling his name, then, stopped.

“Oh, my God!”

“What the f\*ck?”

“Shit, sorry!”

Sabay pa silang napatingin ni Nola sa mga babaeng puro naka-swimsuit. Two blondes and a brunette, all with near-perfect beach bodies. All looked at him with shock and dismay.

“Do you need anything?” Hindi na niya kailangang pekein ang pagkairita sa boses. He really was annoyed. Naramdaman ni Zac na isinubsob ni Nola ang mukha nito sa balikat niya. Ipinalibot niya ang mga braso rito. “I’m in this ship because I’ve been following her. Can you all please leave us alone?”

Halata ang pagkapahiya pero nakuha pa ring tingnan siya nang masama ng tatlo bago tumalikod at nagmartsa palabas. Napasinghap siya nang maramdaman ang paghalik sa kanyang balikat, bago iyon marahang binitawan. Lumayo na rin siya kay Nola para isara ang pinto. Pagbalik niya ay papasok na ito sa banyo.

“Check Channel 0 on your TV. Naka-connect iyon sa camera sa labas nitong suite. I have to make sure wala na sila bago ako lumabas,” sabi ng dalaga bago isinara ang pinto.

Medyo disoriented pa si Zac nang sundin ang sinabi nito. Nakita niya sa screen na papalayo pa lang ang tatlong babae. Napatingin siya sa nightstand at kinuha ang envelope na inihanda niya. Pumunta siya sa walk-in closet, binuksan ang safety deposit box doon at may idinagdag pa sa laman ng envelope. Paglabas niya ay kabubukas pa lang din ni Nola ng pinto ng bathroom.

Parang walang nangyari. Polished at professional ulit, wala man lang lukot ang uniform. Hinila nito ang cart at ipinuwesto sa hallway. Tumingin ito sa TV. Wala na sa deck 9 ang mga babae. “Well, I hope that means it worked.”

Lumapit siya at iniabot dito ang envelope. “At least, in case they decided to pester me again later, meron na akong excuse na sasabihin. Thank you.”

Binuksan ni Nola ang dalang messenger bag, pero bago ilagay doon ay ininspeksyon nito ang laman ng envelope. Nanlaki ang mga mata ng dalaga, bago nangunot ang noo at napatingin sa kanya. “Gio said...”

“I know. He also said that I shouldn’t think twice in paying extra if I thought you did a good job.” Ngumiti siya. “Bawal tumanggi.”

“Hindi ako tatanggi, kailangan ko ito.” She sighed. “Even if I thought I barely did anything.”

“Well, you kissed me.”

Napaiwas ito ng tingin. “Yeah, uh, sorry—”

“It was a good kiss, too.”

“Huh, right. Iyon lang kasi ang naisip ko para maging convincing.” Mahina itong natawa bago siya muling tiningnan. “Mag-e-end of the world na

in about... twenty-five months anyway, ayoko nang mag-alinlangan kung sa tingin ko kaya ko naman.” Napabuntong-hininga ito. “Salamat, Zac. Sobra ito para sa ginawa ko, pero gusto ko lang malaman mo na kung may ibang pupuntahan ang mga tao pag nagunaw ang mundo, sure nang sa langit ang punta mo.” Lumakad na ito paatras papunta sa pinto, hila ang cart. Isinuot na nito uli ang face mask.

Hindi niya ito hiniwalayan ng tingin. “I’ll... I’ll pray for your mom, Nola.”

Napahinto ang babae sa pagbubukas ng pinto.

“I haven’t really prayed in ages, maybe not since my own mother died years ago but I’ll pray for strength and healing for your mom. I hope she makes it.”

Nangislap sa luha ang mga mata ng babaeng wala pang isang oras niyang nakasama. “Thank you, Zac. I won’t forget this. And you,” mahinang sagot nito bago lumabas at isinara ang pinto.

Naiwan siyang nakatayo lang, nakikinig sa papalayong yabag, at iniisip kung makikita pa ba niya si Nola bago ang posibleng pagtatapos ng lahat sa mundo.



# Chapter Three



*Gramercy, New York City*  
*Twenty-five weeks ago...*  
Nagmamadali si Nola at nakatuon ang focus sa susunod na pupuntahan pagkatapos ng pagproxy niya para sa among socialite sa meeting sa twelfth floor lounge ng isang five-star hotel. Papunta siya ngayon sa art patrons' club sa kabilang kalye kung saan sila nagkasundong magkikita ng kanyang boss. Dere-derecho siya sa elevator at halos mag-dive para lang makapasok.

She needed to get to her next appointment right away. She hated wasting time. Ang trabaho na ang buhay ni Nola, at doon na lang iikot ang mundo niya hanggang sa matapos ang lahat in exactly twenty-five weeks.

“Whoa, easy! This thing’s not likely to go away just



yet. The end won't be in six months."

May nabangga si Nola, at hanggang sa segundong iyon ay nakalapat ang kamay niya sa dibdib ng lalaking ngayon ay hawak na ang kanyang braso at balikat. Matangkad, matipuno, mabango, pamilyar—lalo ang boses at pakiramdam.

*No, not possible.* Hindi nag-aangat ng tingin na bumitaw siya rito at humakbang papasok sa elevator. Sumunod ang nakabangga niya. Hindi pa rin siya tumitingin dito nang pindutin niya ang 1 sa panel at sumandal na sa dingding.

The lift has just started its descent when the other passenger spoke: "I didn't think it's that easy to forget you... Nicola."

Napapikit siya. Para namang nakalimutan talaga niya ito. *Shit!* Napadilat siya nang magpatay-sindi ang ilaw kasabay ng malakas na tila pag-alog sa elevator. Hindi siya nakakapit sa bars sa dingding kaya nawalan ng balanse at matutumba sana sa direksyon ng kasama, kung hindi lang siya nito naalalayan.

"What the hell is going on?" Iritadong nag-aalala ang tono ni Zac; napasiksik na sa sulok at halos yakap siya. Patuloy sa pagkurap ang ilaw, sa pag-alog ang kinalalagyan nila, hanggang sa huminto iyon kasabay ng pagkawala ng liwanag.

"F\*ck," sabay pa nilang sabi. Magkaharap siguro sila sa isa't isa pero hindi maaninaw ang mukha ng isa't isa dahil sa dilim.

"Let me check." He gently pulled away but kept one arm wrapped around her. Mayamaya lang ay lumiwanag nang kaunti dahil sa screen ng cellphone

nito. Lumapit si Zac malapit sa panel at diniinan ang emergency button. Hindi iyon umilaw kagaya ng ibang buton. Pinindot din nito ang intercom device sa itaas niyon pero wala iyon kahit dial tone.

May pag-aalala na sa mga mata ni Zac nang tingnan siya, bago ito nag-tap sa cellphone. Inilabas din niya ang sariling telepono mula sa bag at sinubukang tumawag sa 911.

“Walang signal,” he sighed. He tapped her back. “You okay, Nola?”

Hindi siya makasagot. Ngayon lang siya na-trap sa elevator at medyo shocked pa siya. Hindi siya claustrophobic pero feeling niya unti-unti siyang inaatake ng panic. “I’m okay.” Napalunok siya.

Ilang sandaling minasdan siya ng lalaki bago nito muling hinarap ang pinto ng elevator at malakas na pinagbabayo iyon ng kamao, parang gigibain na.

“We’re trapped! Get us out of here! Help!” he kept banging and hitting the aluminum doors, until he finally stopped. “F\*ck,” he muttered as he hung his head. His chest heaved.

She took his hand. “Narinig ka na siguro sa labas. Let’s just wait.” Marahang hinila niya ang kamay ng lalaki para sumandal muna sila o maupo, pero umiling ito at itinapat ang flashlight ng cellphone sa kisame ng elevator.

“Walang emergency exit but this thing has some screws or flaps. I can probably dismantle those.” Napatingin ito sa kanya, napangiti at napailing uli. “Alright, let’s just wait.”

Magkatabi silang naupo habang nakasandal

sa dingding; ilang sandaling parehong tahimik at nagpapakiramdaman. Hindi niya ito inaasahan. What were the odds? Hindi sa di niya ito gustong makita, she just did not expect it would be this way.

Well, she didn't really have any expectations about their next possible meeting. There was no point to it anyway.

“Didn't think I'd see you here of all places,” mahinang sabi ni Zac. Dama niyang nakatingin ito. “You work here now?”

Tumango si Nola. “Yes, ten months na.”

“Ayaw mo na sa barko?”

She quietly shook her head in response.

“Guess life on board can get monotonous at some point. How's your mom?”

Noon siya napabaling sa katabi. Sinalubong ni Zac ang tingin niya. Hindi niya alam kung bakit may kung anong ginagawa sa kanya ang mga mata nito.

“Nola?” Hinawakan ng lalaki ang braso niya.

Napakurap siya. Ano nga ang tanong nito? *Oh, right.* “My mom...” Parang may bumara sa kanyang lalamunan. Mag-iisang taon na pero binabalot pa rin siya ng lungkot sa tuwing maiisip ang dahilan kung bakit iniwan na niya ang barko. “W-wala na siya since May last year. Nagkakomplikasyon after a treatment. She just slept one night and didn't wake up.” Namasa ang kanyang mga mata. Nag-iwas siya agad ng tingin.

Hindi nagsalita, kinuha ni Zac ang kamay niya at hinila siya para maipaloob sa yakap nito. Pinipigilan pa rin niyang maiyak, pero tuluyang bumagsak ang kanyang luha nang masandig ang ulo sa dibdib nito.

Ang daming nangyari nitong nagdaang taon na pinili niyang harapin at kayaning mag-isa, at nagawa niya. Pero ngayong muli niyang literal na nararanasan ang dilim, ang kawalan ng katiyakan, at takot, pakiramdam ni Nola ay maaari siyang bumigay anytime. Thankfully, she was not alone.

Wala itong sinabi, niyakap lang siya. Naisip ng dalaga na iyon lang ang kailangan niya nang oras na iyon.

Hindi niya alam kung gaano sila katagal sa ganong posisyon. Nakatulog na yata sila. Hanggang sa marinig ang pag-buzz ng intercom, ang komosyon sa labas, ang pag-alog ng kinalalagyan nila na parang pilit iyong hinihila.

Nanatiling hawak siya ni Zac hanggang sa mailapag ang elevator sa pinakamalapit na palapag. Bumukas ang pinto at pareho silang hinila palabas. May bumbero, may technician, may medics na tumingin kung may injury sila o senyales ng shock o anxiety attack. Nagkahiwalay sila ni Zac at sa kalituhan ay hindi na niya ito tinawag.

When she finally got away from the commotion, she could not find him anymore. He was gone.

Minsan, parang panaginip lang ang bawat pagkakataong nagkikita sila.

